| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | IV |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | FEBRUARY 27 – MARCH 3, 2023 (WEEK 3) | Quarter: | 3rd Quarter |

| I. Layunin | Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring Pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panonood ng ibat ibang media | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring Pakikinig at pag-unawa sa napakinggan |
| **Pamantayan sa pagganap** | Nakasusunod sa napakinggang hakbang | Nakapagbibigay na panuto, naisasakilos ang katangian ng mga tauhan sa napakinggang kuwento | Nakasusulat ng sariling kuwento o tula. | Nakaguguhit at nakasusulat ng tula o talata batay sa pinanood | Nakasusunod sa panuto |
| **NILALAMAN** | Aralin 12: Ganda at Yaman ng Pilipinas<br>Paksang Aralin: Pagsagot sa mga tanong tungkol sa binasang teksto.Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng katuturan Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa | Aralin 12: Ganda at Yaman ng Pilipinas<br>Paksang Aralin:<br>Natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa napakinggang teksto<br>Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang<br>sitwasyon tulad ng pagpapahayag ng sariling opinyon at hindi<br>pag sang-ayon sa opinyon ng iba | Aralin 12: Ganda at Yaman ng Pilipinas<br>Paksang Aralin: Nagagamit ang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan | Aralin 12: Ganda at Yaman ng Pilipinas<br>Paksang Aralin: Naipakikita ang pagunawa sa pinanood sa pamamagitan ng pagsasakilos nito. | Aralin 12: Ganda at Yaman ng Pilipinas<br>Paksang Aralin: Nakasusunod sa panuto |
| **KASANAYAN** | **F4PN-IIIb-h-3.2**<br>Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano batay sa tekstongnapakinggan | **F4PS- III-12c- 12.12**<br>Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwasyon pagpapahayag ng sariling<br>**F4EP-IIIc-f-10**<br>Nakakukuha ng tala buhat sa binasang teksto | **F4WG-IIIa-c-6**<br>Nagagamit ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos | **F4PD-III-c- 7.1**<br>Naipakikita ang pag-unawa sa pinanood sa pamamagitan ng pagsasakilos nito | **(F4PU-IIIb-2.5)**<br>Nakasusunod sa panuto. |
| **KAGAMITAN**<br>Kagamitang Pang-mag-aaral, Teksbuk, karagdagang gamit, Iba pang kagamitan sa pagtuturo | Tsart, larawan, pptx<br>TG 193-194<br>LM | Tsart, larawan ng kwento<br>Kwento ng Maria Sinukuan .pptx<br>TG 194-195<br>LM | Tsart, larawan pptx<br>TG 195-196<br>LM | Tsart, larawan pptx<br>TG 197<br>LM | Tsart, pptx |
| **PAMAMARAAN**<br>**A. Balik-aral sa pabibigay ng mga pares na salita**<br>**B. Paghahabi sa layunin** | **Pagbabaybay**<br>Unang pagsusulit Maghanda ng sampung salitang hiram na natutuhan sa ibang asignatura | **Pagbabaybay**<br>Pagtuturo ng mga salita<br>Balikan:<br>Ano ang natatandaan mo tungkol sa napakinggang kwento? | **Pagbabaybay**<br>Muling pagsusulit<br>*Balikan*<br>*Itanong:* | **Pagbabaybay**<br>Muling pagsusulit<br>**Balikan**<br>Itanong:<br>*Ano-ano ang pangyayari sa kuwento* | Pagbasa sa panuto ng lingguhang pagsusulit upang ipaliwanag ang dapat gawin. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Paghawan ng Balakid Ipagawa ang <u>Tuklasin Mo A</u>, KM, p. 113.<br>Itanong: Ano ang ibig sabihin ng <u>napakaamo</u> ? <u>Darak</u>? <u>Mamahaling bato</u>? <u>Nagkabitak-bitak</u> ? <u>Sakim</u>?<br>Ipagamit ang mga bagong salita sa sariling pangungusap.</td>
<td></td>
<td>Ano ang pang-uri? Pang-abay?<br>Ipagamit ang ibibigay na sagot sa sariling pangungusap</td>
<td>ni Mariang Sinukuan?</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>PANLINANG NA GAWAIN<br>C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin<br>D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan<br>E. Pagtalakay ng Bagong Konsepto</td>
<td>Pagganyak<br>Itanong:Ano ang maituturing mong sariling yaman?<br>Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot.<br>Itanong:<br>Paano mo ito pangalagaan?<br><br>Pangganyak na Tanong<br>Ano ang yaman nina Maria Sinukuan na hindi niya ipinagdamot?<br>Gawin Natin<br>Ipakita ang pabalat ng aklat.<br>Pag-usapan ang larawan na makikita rito.<br>Pag-usapan ang iba pang impormasyon na makikita sa pabalat.<br>Isa-isahing buklatin ang pahina ng aklat.<br>Itanong:<br>Ano-ano ang nais mong malaman sa kuwento?<br>Ipabasa ang mga tanong na ibinigay ng bawat isa.<br>Sabihin na ito ang kanilang gabay sa pakikinig ng kuwentong iyong babasahin.<br>Basahin nang malakas ang kuwento.<br>Mariang Sinukuan<br>Eugene Evasco<br>LG & MMatapos ang pagbasa ng kuwento, balikan ang mga tanong na ibinigay bago ang pakikinig ng kuwento.Ipabaa ang bawat tanong at ipabigay sa mga mag-aaral ang kanilang sagot.<br>Pangkatin ang klase.<br>Ipagawa ang sumusunod na gawain.Pngkat I – Gumawa ng isang collage na magpapakita ng kapaligiran ni Mariang</td>
<td>Gawin Natin<br>Itanong:<br>Ano ang pamagat ng kuwentong napakinggan?<br>Sino si Mariang Sinukuan?<br>Ilarawan siya.<br>Saan siya nakatira? (Tawagin ang Pangkat I)<br>Ilarawan ang mga makikita rito.<br>Nais mo bang tumira rito? Bakit?<br>Bakit hindi?<br>Bakit mayaman sina Mariang Sinukuan?<br>Paano nito nabibiyayaan ang mga tao sa kabayanan?<br>Ano ang ipinagbawal ni Maria?<br>Ano ang nangyari sa lugar nina Maria?<br>(Tawagin ang Pangkat III)<br>Bakit nagkaroon ng tagtuyot sa kanilang lugar?<br>Ano ang ginawa ng mga tao?<br>(Tawagin ang Pangkat II)<br>Tama ba ang ginawa ng mga tao?<br>Ipaliwanag ang sagot.<br>Bakit kaya nagbago ang ugali ng mga tao?<br>Paano nito nabago ang pakikitungo ni Maria?<br>Ang kanilang buhay?<br>Tama ba ang ginawa ni Maria?<br>Bigyang katwiran ang sagot.<br>Ano-ano ang damdamin ni Maria sa kuwentong napakinggan? (Tawagin ang Pangkat IV)<br>Ano-ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento?</td>
<td>Gawin Natin<br>Bigyan ng larawan ng bawat pahina ng kuwento ang bawat pangkat.<br>Ipatukoy ang mga pangngalan at kilos na ipinakikita ng larawan. Ilarawan ang bawat isa upang makabuo ng pariarala.<br>Ihanda ang tsart ng pag-uulat.<br><table><tr><th>Pariralang Pang-uri</th><th>Pariralang Pang-abay</th></tr><tr><td></td><td></td></tr></table>Matapos ang inilaang oras, tawagin ang bawat pangkat upang mag-ulat ng natapos nilang gawain.<br>Itanong:<br>Ano-ano ang pang-uri na ginamit?<br>Ano ang inilarawan ng mga ito?<br>Ano-ano ang pang-abay na ginamit?<br>Ano ang inilarawan ng mga ito?<br>Kailan ginagamit ang pariralang pang-abay?<br>Pariralang pang-uri?<br>Gawin Ninyo<br>Pangkatin ang klase.<br>Bigyan ang bawat pangkat ng larawan ng magagandang tanawin ng bansa at mga kaugalian ng mga Pilipino.<br>Ipalarawan ang mga bagay at tao na makikita rito.<br>Pabilugan ang pang-uri at pasalungguhitan ang pang-abay.<br>Gawin Mo<br>Ipagawa ang <u>Pagyamanin Natin Gawin Mo B</u>, KM, p. 118.<br>Paglalahat<br>Ipagawa <u>Isaisip Mo</u>, KM, p. 120.<br>Pagsasapuso<br>Itanong:<br>Ano ang dapat tandaan sa paglalarawan ng kapuwa?</td>
<td>Gawin Natin<br>Pangkatin ang klase.<br>Bigyan ang bawat pangkat ng bahagi ng kuwento ni Mariang Sinukuan.<br>Papaghandain ang mga bawat pangkat ng isang pagsasabuhay ng mga pangyayaring nakatalaga sa kani-kaniyang pangkat.<br>Matapos ang inilaang oras, tawagin ang bawat pangkat upang magpakita ng kanilang inihanda.<br>Pabigyang halaga ang ginawa ng bawat pangkat sa pamamagitan ng pagbibigay ng marka ng mga kaklase.<br>Pabigyang katwiran ang ibinigay na marka.<br>Pag-usapan ang mga napanood na pangyayari.<br><br>Gawin Ninyo<br>Pangkatin muli ang klase.<br>Hayaang maghanda ang bawat pangkat ng isang maikling dula-dulaan tungkol sa nasaksihang pangyayari sa loob ng silid-aralan.<br>Matapos ang inilaang oras,tawagin ang bawat pangkat upang ipakita ang natapos na gawain.Pag-usapan ang ipinakita ng bawat pangkat.</td>
<td>Kung Natutuhan<br>Sumulat ng isang talata tungkol sa kagandahang makikita sa iyong sariling pamayanan.<br>Salungguhitan ang mga pang-uri na ginamit<br>Bilugan ang mga pang-abay.<br><br>Kung Hindi NatutuhanMaghanda ng flashcardnamaynakasulat na pariralang pang-abay at pariralang pang-uri. Ipakita ang bawat kard sa mag-aaral.<br>Ipatukoy kung pang-uri o pang-abay ang ginamit dito.<br>Ipagamit ang mga ito sa sariling pangungusap.<br><br>Gawaing Pantahanan<br>Itala ang magagandang lugar at bagay na maituturing na yaman ng sariling pamayanan.</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | SinukuanPangkat II – Isadula ang ginawa ng mga tao kay Maria at sa kanilang lugarPangkat III – Iguhit ang nangyari sa kabayanan matapos ang mahabang panahonPangkat IV – Gumawa ng maskara na nagpapakita ng dalawang mukha ni Maria sa kuwento<br>Dapat bang tularan ng mga tao sa paligid si Maria? | Alin sa mga ito ang pinakagusto mo?<br>Pinakaayaw? Bigyang-katwiran ang sagot.<br>Ano ang dapat tandaan sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon sa isang napakinggan o nasaksihang pangyayari? | | | |
| **F. Pagtataya** | Sagutin ang mga tanong sa kwentong ibibigay ng guro. | **Gawin Mo**<br>Ipagawa ang <u>Pagyamanin Natin Gawin Mo A</u>, KM, p. 118. | **Subukin Natin**<br>Tukuyin kung pang-abay o pang-uri ang salitang naglalarawan sa bawat pangungusap.<br>1. Ang mga mag-aaral ay tahimik.<br>2. Ang mga mag-aaral ay tahimik na naghihintay sa kanilang mga magulang.<br>3. Ang anak ni Rafael ay magalang.<br>4. Magalang sumagot ang mag-aaral na napagtanungan ko kanina.<br>5. Si Ruby ay masipag mag-aral.<br>6. Masipag na mag-aaral si Susan. | **Gawin Mo**<br>Sabihin: *Umisip ng isang kilos na nakita mong ginawa ng isa sa mga nasa paaralan. Gayahin ito sa harapan at pahulaan kung sino ang ginagaya.*Pag-usapan ang ipinakita ng bawat mag-aaral. | **Pagtatapos**<br>Isulat ang pangalan sa isang malinis na papel. Umisip ng pang-uri na nagsisimula sa bawat letra ng pangalan at maglalarawan sa sarili. |
| **G. Mga Tala** | | | | | |
| **H. Pagninilay** | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |